



ABLE Act

Ang ABLE Act na naipasa bilang batas noong 2014 ay sumusuporta sa mga savings account na hindi binubuwisan, para sa mga taong may mga kapansanan.

T: Ano ang ABLE Act?

Ang Achieving a Better Life Experience (ABLE) Act ay pederal na batas na nagbibigay-daan sa mga kwalipikadong tao na may kapansanan na makapagbukas ng mga savings account na hindi binubuwisan. Maaaring gamitin ang mga pondo na mula sa account para sa mga gastusing tulad ng edukasyon, pabahay, at transportasyon upang mapagaang ang mga pinansyal na pasanin. Hindi nakasalalay ang mga asset ng account sa pagiging kwalipikado ng indibidwal para sa mga pederal na programa ng benepisyo.

T: Sino ang kwalipikado para magkaroon ng ABLE account?

Maaaring buksan ang ABLE account kahit kailan, ng mga taong nagkaroon ng kapansanan bago mag-26 taong gulang at nakakatugon sa mga kahingan upang matanggap ang Supplemental Security Income o Social Security Disability Insurance. Pakitandaan na sa 2026, ang edad ng pagsisimula ng kapansanan ay magiging 46 taong gulang na.

Ang indibidwal na may kapansanan ay ang nakatalagang benepisyaryo at may-ari ng account. Kung hindi makapagbukas ng account ang taong iyon, o kung hindi makapagpasya ukol sa paggastos nang mag-isa, maaari itong gawin ng isang ahente na may power of attorney sa ngalan nila; kung walang ahente na may power of attorney, maaaring magpasya ukol sa mga gastusin ang magulang o legal na tagapag-alaga.

T: Ano-ano ang mga bentaha sa buwis ng pagkakaroon ng ABLE account?

Ang layunin ng ABLE Act ay ang tulungan ang mga indibidwal na may kapansanan na panatilihin at pahusayin ang kalusugan, kalidad ng buhay at independensya sa pamamagitan ng pagpapagaan ng ilang pinansyal na pasanin na kaugnay ng pagkakaroon ng kapansanan.

Hind binubuwisan ang mga asset at kita sa ABLE account basta't ang paggastos ay

limitado sa kwalipikadong mga gastusin na kaugnay ng pagkakaroon ng kapansanan. (Ang anumang pondo na nagamit sa mga gastusing walang kaugnayan sa pagkakaroon ng kapansanan ay mabubuwisan at mapapatawan ng pederal na buwis.)

T: Paano ako makakapagbukas ng ABLE account?

Kasalukuyang pinangangasiwaan ang mga ABLE na programa sa 46 na estado; maaaring magbukas ang isang indibidwal ng account saanmang estado, hindi lamang sa kanilang pinaninirahang estado. Maaaring buksan ang lahat ng ABLE account online, sa pamamagitan ng mga website ng mga programang pang-estado.

Depende sa programa, mag-aalok ang mga ABLE account ng mga opsyon sa investment, kabilang ang mutual fund at money market fund. Maaari ding maglagay ng pondo ang mga indibidwal sa mga checking o savings na opsyon. Maaaring baguhin ang mga opsyon sa investment nang dalawang beses sa isang taon.

Kasama sa website ng ABLE National Resource Center (<https://www.ablenrc.org/compare-states/>), na itinatag at pinamamahalaan ng National Disability Institute, ang tampok na paghahanap na tumutulong sa mga taong tukuyin at ihambing ang iba't ibang opsyon sa ABLE account.

T: Ano-anong tanong ang dapat kong isaalang-alang kapang pumipili ng programa?

- May pakinabang ba sa pagbubukas ng in-state account?
- Anong ang mga posibleng singil sa serbisyo at pagpapanatili na kaugnay ng account?
- May minimum na halaga ang kinakailangan upang makapagbukas ng account?
- Ipapaubaya na ba ang mga singil kung makapagpanatili ng partikular na balanse sa account?

T: May mga limitasyon ba sa mga ABLE account?

Isang ABLE account lang ang maaaring buksan ng mga kwalipikadong indibidwal?

Noong 2023, ang kabuuang taunang limitasyon sa kontribusyon sa isang ABLE account, kabilang ang mga donasyong isinagawa ng pamilya at mga kaibigan, ay \$17,000; hanggang sa 2026, ang may taong may ABLE account na nagtatrabaho ay maaaring magambag ng kita sa kanilang account na lampas sa taunang limitasyon sa kontribusyon hangga't hindi sila lumalahok sa plano sa pagreretiro ng kanilang employer. (Ang mga kontribusyong may kaugnayan sa kita ay hindi maaaring mas mataas sa hangganan ng kahirapan na itinalaga ng pederal noong nakaraang taon para sa sambahayang binubuo ng isang tao: noong 2022, ang halagang ito \$13,590 sa continental U.S., \$16,990 sa Alaska, at \$15,630 sa Hawaii.)

T: Maapektuhan ba ng pagbubukas ng ABLE account ang mga benepisyong mula sa gobyerno?

Ang layunin ng mga ABLE account ay pandagdag —hindi upang palitan —ang mga benepisyong mula sa gobyerno.

Maliban kung mahigit sa \$100,000 ang halagang nasa ABLE account, hindi maapektuhan ang mga benepisyong mula sa gobyerno. Kung lalampas sa \$100,000 ang account, masususpindi ang mga kabayaran para sa mga benepisyo ng pandagdag na security income, ngunit hindi ang Medicaid.

T: Paano maaaring gastusin ang mga ABLE na pondo na hindi mapapatawan ng buwis?

Maaaring gamitin ang mga ABLE na pondo para sa anumang kwalipikadong mga serbisyo na sumusuporta sa independensya, kalusugan at kalidad ng buhay ng mga taong namumuhay nang may paralysis, edukasyon, pabahay, transportasyon, pagsasanay sa trabaho at suporta, pantulong na teknolohiya, pinansyal na pamamahala, pangunahing mga gastusin sa pamumuhay, mga programa sa protekta sa kalusugan at wellness, at mga gastushin sa paglilibing.

T: Ano ang mangyayari sa mga pondo sa isang ABLE account kung pumanaw ang benepisyaryo?

Kung papanaw ang may-ari, maaaring italaga ang nabubuhay pang benepisyaryo sa direktang paggastos ng account para sa mga gastusin sa paglilibing, at anumang gastusin sa natitirang mga bill na kaugnay ng kwalipikadong kapansanan. Maaaring maghabol ang ilang estado sa anumang natitirang pondo sa account upang makolekta ang back payment sa mga natanggap na benepisyo ng Medicaid na natanggap ng benepisyaryo.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon: Internal Revenue Service, ABLE National Resource Center, U.S. Securities and Exchange Commission, U.S. Social Security Administration.

Gusto mong may makausap?

Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 7 am-12 am EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa <https://connect.paralysis.org/tl/send-us-your-question>

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayon na gamitin bilang medikal na diagnosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na \$10,000,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.